Maglalago ang mga mabubuting tao at ang una ay mauuna, at ang matitira ay ang mga latak na tulad ng latak ng sebada o datiles,Hindi sila bibigyan ni Allāh ng kahit na kaunting pagpapahalaga

Ayon kay Madāris Al-Aslamīy-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfú: ((Maglalago ang mga mabubuting tao at ang una ay mauuna, at ang matitira ay ang mga latak na tulad ng latak ng sebada o datiles,Hindi sila bibigyan ni Allāh ng kahit na kaunting pagpapahalaga))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Ipinapaalam ng Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-na sa huling panahon, ay babawian ni Allāh ang kaluluwa ng mga mabubuting tao,at matitira ang mga taong hindi itataas ni Allāh ang kanilang halaga, at wala silang magiging sukay sa timbang,at hindi sila kaaawaan,at hindi mananaog sa kanila ang habag, at sila ang pinakamasamang nilikha para sa Allāh,at sa kanila ay magaganap ang huling oras

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3121